# Fact Sheet

## Mga Tanong, Mga Alalahanin o Mga Reklamo tungkol sa Physiotherapist – Ang Kolehiyo ng Mga Physiotherapist ng Ontario (The College of Physiotherapists of Ontario)

### Ano ang gawaiin ng Kolehiyo?

Ang Kolehiyo ng mga Physiotherapists ng Ontario (The College of Physiotherapists of Ontario) ay isang organisasyon (hindi paaralan) na umiiral upang siguraduhin na ang publiko ay nakakatanggap ng kalidad na pangangalaga. Ito ay may mga patakaran, tinatawag na Mga Pamantayan, na naglalarawan kung paano ang mga physiotherapist ay inaasahan kumilos upang tiyakin na sila ay kumikilos para sa kapakanan ng pasyente.

Kung mayroon kang mga alalahanin o mga tanong tungkol sa tinatanggap mong paggamot mula sa isang physiotherapist o nais mong magreklamo, makipag-ugnay sa Kolehiyo.

Maari rin na tignan mo sa online Public Register (Pampublikong Rehistro) upang malaman ng higit pa tungkol sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga ng kalusugan – www.collegept.org—Hanapin isang Physiotherapist.

### Sino ang maaari kong tawagan para magtanong?

Ang Kolehiyo ay may isang tauhan na tinatawag na Practice Advisor (Tagapayo ng Kadalubhasaan) na ang kaniyang trabaho ay magbigay ng libreng, kumpidensyal na payo tungkol sa ano ang maasahan mo kapag ikaw ay nagbisita sa isang physiotherapist.

### Paano ako magbigay ng reklamo?

Sinesryoso ng Kolehiyo ang lahat ng mga reklamo. Kahit sino ay maaaring gumawa ng reklamo. Kabilang dito ang mga pasyente, pamilya, mga kaibigan o tagapagbigay-alaga ng isang pasyente, kasamahan, taga-empleyo, taga-seguro o mga iba.

Maaari kang gumawa ng reklamo tungkol sa isang physiotherapist sa pamamgitan ng ilang paraan. Maaaring mong gamitin ang pormularyo ng reklamo sa online ng Kolehiyo - www.collegept.org/Make a Complaint. O maaari kang magpadala ng isang nakasulat na reklamo sa pamamagitan ng isang sulat, email o fax.

Mga pormal na reklamo ay dapat may kasama ng iyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnay – ang mga rekalamo ay hindi maaaring anonimo. Hihilingin sa iyo na magbigay ng mga detalye tungkol sa iyong alalahanin at ang pangalan ng physiotherapist. Ang Kolehiyo ay makikipag-ugnay sa iyo upang kumpirmahin na ang iyong reklamo ay natanggap.

Mangyari tandaan, ang Kolehiyo ay walang kapangyarihan na tulungan ka na isauli ang iyong pera mula sa physiotherapist.

### Saan ako makakakuha ng higit na impormasyon?

Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa proseso ng pagrereklamo, makipag-ugnay sa pangkat na Professional Conduct sa investigations@collegept.org or tumawag sa 416-591-3828/1-800-583-5885 ext. 227.

Kung kailangan mo ng higit na impormasyon tungkol sa Kolehiyo o may katanungan tungkol sa kasanayan ng iyong physiotherapist, makipag-ugnay sa Practice Advisor ng Kolehiyo sa practiceadvice@collegept.org o sa 647-484-8800 / 1-800-583-5885.

Ang Kolehiyo ay nagbibigay ng serbisyo sa wikang Ingles at Pranses. Gayunpaman, gagawin namin ang aming makakaya upang siguraduhin na ang mga pasyente ay makakakuha ng impormasyon na kinakailangan nila.

### WWW.COLLEGEPT.ORG

Bisitahin ang website—www.collegept.org—upang malaman ng higit pa tungkol sa Kolehiyo, ang aming mga serbisyo at paano kami ay makakatulong.

College of Physiotherapists of Ontario
375 University Avenue, Suite 800, Toronto, ON M5G 2J5
Tel: 416-591-3828 | Libreng Tawag: 1-800-583-5885 | info@collegept.org